PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s
PRESS BRIEFING IN NOVELETA, CAVITE
October 31, 2022

PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS: …a situation report, sa taas, of the situation here in Cavite. I think we are already at the stage dito sa Cavite at least 'yung karamihan daw --- 'yun ang report sa akin ni Gov – na karamihan ng mga evacuees ay nakabalik na sa kanilang mga bahay.

Ang inaalala namin ay 'yung mga infrastructure na damaged kasi maraming nasira na mga flood control. Noong inikot namin ng helicopter kitang-kita mo talaga sirang-sira na 'yung mga ano. At saka kasi lumampas na 'yung tubig, ang taas na ng tubig eh. So that is the… Eh lahat ng tubig galing Tagaytay dito pumupunta eh. So talagang ang lakas ng tubig. Nasira 'yung mga flood control kaya't nakapasok 'yung tubig, nabaha nang husto.

But ang situation ngayon is very simple, nakauwi na nga ang karamihan ng evacuees. Iyong mga naiwan diyan, of course, we will continue to support them kung ano 'yung pangangailangan nila hanggang sila'y makauwi na. At susunod --- mayroon din patuloy ang pagbigay namin ng tulong para makabili na 'yung mga residents, returning residents doon sa kanilang mga bahay --- ay makabili na ng building materials, ayusin na nila 'yung kanilang mga bahay.

So that's the stage that we are at now. Ngunit napunta ang usapan hindi lamang --- sabi namin kung aayusin lang natin ito, aayusin lang natin 'yun --- pagka may malakas na naman na ulan, balik na naman tayo dito sa sitwasyon na ito.

Kaya't naghahanap kami ng long-term solution para dito. May possibility na mayroong project na approved na na galing sa JICA na palalakihin nila 'yung ilog para mas malaki ang dadaanan ng tubig and then mayroon syempre may mga flood control na gagawin. So iyon ang long term.

Pero in the short term, I think more or less nabantayan na natin, naalagaan na natin lahat ng mga naging biktima, so we are at the stage now of rebuilding. So any questions?

USEC. CHELOY VELICARIA-GARAFIL: Sir, Nel Maribojoc from UNTV sir.

NEL MARIBOJOC (UNTV): Hi sir, magandang hapon. Aaprubahan po ba ninyo sir 'yung rekomendasyon ng NDRRMC na one year na declaration po na state of national calamity?

PRESIDENT MARCOS JR.: I don't think it's necessary. I don't think it's necessary.

I came to that conclusion in consultation with the DENR. Sabi hindi naman kasi extensive --- very, very… How do we say? Not naman isolated --- highly localized --- thank you --- highly localized ang mga damage.

We're talking about the east coast, Quezon; dito sa Cavite; and then Maguindanao --- tinamaan pa rin 'yung Maguindanao. So those are the areas. It does not need to have the --- like in the Visayas, there's no need for a national calamity. For Region I, II, hindi naman kailangan mag-national calamity. So, I don't think it's necessary. I think we will focus better if we stay with the calamity status that as we have now.

MR. MARIBOJOC: Thank you very much, sir.

PRESIDENT MARCOS JR.: Thank you.

USEC GARAFIL: Sir, Allan Francisco from PTV 4.

ALLAN FRANCISCO (PTV-4): Hi, President. Magandang hapon po. Sir, kumustahin lang po namin 'yung kabuuang halaga ng mga napinsala sa sektor ng agriculture at infrastructure, sir?

PRESIDENT MARCOS JR.: Well, hindi pa tapos ang estimate dahil syempre umiikot pa 'yung mga nasa DA.

Ang latest na figure namin is what --- 260? Almost 260 million dito sa Cavite but as I said, it's not --- hindi pa kumpleto 'yan. So, we still have to wait dahil ang assessment diyan hindi lamang kung saan dumaan 'yung tubig kung hindi kailangan din ma-ano. Eh kakatanim lang daw eh, planting season daw, planting season ngayon dito so baka magtatanim ulit.

So we have to see kung ano pang pwedeng buhayin, ano 'yung talagang hindi na kakayanin and we will have to provide --- magpo-provide na naman kami ng inputs para sa agri section.

But it is the built-up areas na nagkaproblema talaga dito more than the agriculture. Of course, agriculture is always very important. So malaking numero pa rin 'yung 260 million at lalaki pa 'yan, I'm afraid to say, lalaki pa 'yan as we get more reports to come in.

MR. FRANCISCO: Okay. Thank you, sir.

PRESIDENT MARCOS JR.: All right. Salamat. All right? Thank you. Maraming salamat. Thank you.

Welcome to Hokkaido.
[laughter]

* * *